


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
Halaman at mga Pananimkung
Kakali ngain, Buhay ng Tao'y
Pagpapalain



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5 Halaman at mga Pananim kung Kakalingan,
Buhay ng Tao’y Pagpapalain
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trade mark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsunikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaghalal na may-akda ang karapatang-ari ng iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Mga Manunulat:	Josephine Bruselas-Mien Lea B. Perez	Agnes Dejurao-Nocos Jessica Abantopura
Tagasuri:	Mary Jean B. Bizuela Dollie G. Franche	Sheila C. Bulawan Irene F. Yazon
Tagaguhit:	Jed T. Adra	
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape Vergel Junior C. Eusebio	John Claude R. Caunca
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad Grace U. Rabelas Jily I. Roces	Francisco B. Bulacao, Lailanie R. Lorico, Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Sta. Rowis, Legazpi City 4500
Contact: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 5:

**Halaman at mga Pananimkung
Kakalingain, Buhay ng Tao'y
Pagpapalain**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang module na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulat upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon din ang pagsusulat sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulat. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o namarkahan ang anumang bahagi ng module. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na maki-pag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliraning sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng module na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



A l a m i n

Ang pagpapanatili ng magandang kapaligiran ay patunay ng pagmamahal sa Inang Kalikasan. Lahat tayo ay nilikha ng Diyos upang magi ng tagapangalaga ng Kaniyang mga nilikha tulad ng mga halaman. Pinangangalagaan mo ba ang mga halaman sa paligid mo? Bilang mag-aaral, maipakikita mo ang pagpapahalaga sa halaman sa pamamagitan ng tamang pangangalagaito.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang napahahalagahan ang lahat ng mga likha na may buhay: halaman;

- pangangalaga sa mga halaman gaya ng pag-aayos ng mga nabuwal na halaman, paglalagay ng mga lupa sa paso, at pagbubungkal ng tari mna halaman sa paligid



Subukin

Basahin ang sumusunod na nakatalang gawain. Isulat sa patlang ang titik **P** kung nagpapakita ng pagpapahalaga sa halaman at **HP** kung hindi nagpapakita ng pagpapahalaga. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ___ 1. Hiripitas ang mga dahon at bulaklak ng halaman.
- ___ 2. Tumutulong sa pagtatanim ng mga puno sa barangay.
- ___ 3. Tinatangal ang damo na nakapaligid sa halaman.
- ___ 4. Diridilig ang halaman minsan sa isang linggo.
- ___ 5. Hinalitan ang mga nabuwal na puno.
- ___ 6. Hahayaang matapakan ang tanim na halaman.
- ___ 7. Hinalapayan at hindi pinapansin ang natumbang halaman.
- ___ 8. Gnagawang laruan ang iba't ibang uri ng bulaklak na makita.
- ___ 9. Hnuputol at inaalis ang mga natuyong dahon, bulaklak, at sanga ng halaman.
- ___ 10. Sumusunod sa mga paalala sa mga parke at hardin sa tamang pag-iingat ng mga halaman.

Aralin**1****Halaman at mga Pananim
Kung Kakalingain, Buhay ng
Tao'y Pagpapalain**

Walang taong nabubuhay kung walang halaman sa kaniyang kapaligiran. Ang mga halamang ito ang tumutugon sa ating mga pangangailangan tulad ng sariwang hangin, pagkain, at mga kagamitan na nagpapagaan ng ating pamuhay.

Ibahagi sa iyo ng modyul na ito ang mga kaalaman sa pagpapahalaga sa mga halaman. Ano nga ba ang kahalagahan ng halaman sa tao at mga hayop? Ano ang iyong gampanin kaugnay nito? Alam in sa araling ito nang lubos mong maunawaan.

Teka muna! Bago mo tuluyang tuklasin ang araling ito, iyong balikan ang natutunan mo sa nakaraang aralin.

**Balikan**

Ano-anong mga ligaw na hayop at *endangered animals* ang nakilala mo sa nakaraang modyul? Magbigay ng tatlong halimbawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. _____
2. _____
3. _____


Blugan ang titik na nagsasaad ng tamang pangangalaga at pagprotekt sa mga ligaw na hayop at *endangered animals*.

- A. Paglilinis sa tirahan ng mga hayop.
- B. Paghuli sa mga ibon upang maibenta sa malaking halaga.
- C. Pagbabahagi ng kaalaman sa wastong pangangalaga ng mga hayop.
- D. Pagsusuporta sa pangangaso ng mga ligaw na hayop.
- E. Paghihi-gay-alamsa awtoridad ng mga taong nagbebenta ng mga *endangered animals*.



Tuklasin

Tingnan ang mga larawan.



Sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan?
2. Nagtatanimat nag-aalaga ka rin ba ng mga halaman?
3. Ano-ano ang mabuting dulot ng pagtatanim at pangalaga sa mga halaman?
4. Ano ang maaari mong gawin upang mapangalagaan ang mga halaman sa paligid?



Suri n

Ang paghahalaman ay isang sining ng pag-aayos at pagtatanim ng mga halaman tulad ng *ornament d*, gulay, at punongkahoy. Ang halaman ay isa sa mga likas na yaman na nilikha ng Diyos na tumutulong sa tao at hayop upang mabuhay. Bukod sa nakawiwili at nakalilibang ang pagtatanim ito ay nakapagbibigay ng kailangan ng katawan tulad ng bitamina at *ni nerd*. Ang punongkahoy ay nagbibigay ng *oxygen* na kailangan ng tao. Nakatutulong din ang pagtatanim upang magkaroon ng panustos sa pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya sa mga taong ito ang hanapbuhay. Nagpapaganda rin ng kapaligiran at nakakatulong sa pagsugpo ng polusyon ang mga halaman.

Ilan sa mga paraan upang pangalagaan ang halaman ay ang sumusunod: (1) Pagbubungkal ng lupa. Ito ay gawain upang maihanda ang lupang tataniman. Gayundin upang makahinga ang ugat ng halaman at lumabas ng husto ang sustansiya na kailangan nito. Unang banggitin ang tungkol dito at saka ang pagbubunot ng damo. (2) Pagdidilig Ang mga halaman ay kailangang diligin araw-araw Diligin ang mga halaman sa hapon o sa umagang-umaga. Ingatan ang pagdidilig upang hindi mapinsala ang halamang didiligan. Iwasang malunod ang

halaman, lalo na yaong mga bagong lipat na punla; (3) Paglalagay ng abono. Nakadaragdag sa sustansiya ng lupa ang paglalagay ng abono. Isaito sa mga paraan ng pagpapataba ng mga halaman; (4) Pag-aayos ng nabuwal na halaman. Naaagapang hindi namatay ang halaman at muling manunumbalik ang paglaki rito; (5) Paglalagay ng lupa sa mga paso. Maaari ng magtanim ng halaman o gulay sa paso at bungkalin paminsan-minsan.

Kailangan isaalang-alang ang wastong pag-aalaga ng mga halaman dahil kung pababayaan ng tao na maubos ang mga halaman at iba pang mga pananim hindi lang mga tao ang mawawalan kundi pati mga hayop. Mawawalan tayo ng pagkukunan ng pagkain at iba pang pangangailangan.

Upang maiwasan ito, ipinasa ang *Republic Act 10176* o *Arbor Day Act of 2012* na nagsasaad na ang mga Hlipinong edad 12 pataas ay dapat na magtanim ng kahit isang puno kada taon. Muling binuhay rito ang pagtatanim ng puno bilang isang taunang aktibidad para sa mga lokal na pamahalaan. Dahil sa *RA 10176* ay nailunsad ang *National Greening Program* na nagtatakda sa pagtatanim ng nasa 1.5 bilyong puno sa 250- milyong ektaryang pampublikong lupain.

Ang *Arbor Day* sa Hlipinas ay ipinagdiriwang tuwing Hunyo 25 ng bawat taon. Hinihikok rito ang mga mamamayan at mga komunidad na magtanim ng mga *tree saplings* o mga maliliit pang puno at halamang ornamental, namumulaklak o hindi, halamang baging, palumpon o halamang medisinal, at kilalanin ang kahalagahan ng mga ito. Sa pagsasagawa ng mga ito, nagkakaalob ng lili mang mga puno, nagbibigay ng tahanan para sa mga hayop. Gumagawarin ang mga puno ng pagkain para sa mga tao at sa mga ligaw na hayop, sirisipsip at iniimbak ang ulan, at pinapanibago ang *supply* ng tubig, bukod pa sa nakapigil sa baha, nakatutulong din ang mga puno upang mabawasan ang alinsangan kapag tag-init.

Ang pagtatanim natin ay isang kapaki-pakinabang na gawain para sa lahat ng tao at hayop na nangangailangan nito. Isabuhay natin ang pagtatanim upang lalong magkaroon tayo ng biyaya ng kalikasan at nang mapakita natin ang pagmamahal sa likas na yamang ipinagkaloob sa atin ng Diyos.




Pagya manin

Gawain 1

Ang mga halaman ay nagbibigay buhay at kulay sa ating kapaligiran. Magandang pagmasdan ang malago, malusog, at luntiang kapaligiran. Upang mapanatili ito, ano ang dapat mong gawin?

Mula sa pagpipilian sa baba, iguhit ang bulaklak sa sagutang papel at kulayan ang *petal* na tumutugon sa pangangalaga ng mga ito.



- 1 - Maglagay ng pataba o abono sa pananim na gulay.
- 2 - Htasin ang mga halaman upang ito ay iyong mapaglaruan.


- 3- Ingtan ang pagdidilig upang hindi mapinsala ang halamanang didiligan.
- 4- Bigyan ng sapat na liwanag mula sa araw ang mga halaman.
- 5- Magtanim ng mga butong gulay sa paso kung walang bakanteng lote.

Gawain 2

Teka! Pag-iisipan natin ito.

Ano kaya ang resulta o bunga kapag ginagawa ang pagpapahalaga sa mga halaman at pagpapanatili ng luntiang kapaligiran?

Iguhit ang punongkahoy sa sagutang papel. Isulat sa bawat bunga ang bilang ng napili mong sagot.



1 Nagpapaganda ng kapaligiran.	2 Nagbigay ng sariwang hangin.	3 Dumarami ang insekto sa paligid.
4 Naiiwasan ang pagbaha.	5 Nauubos ang tubig sa pagdidilig nito.	6 Magkakaroon ng tirahan ang iba't ibang uri ng hayop.
7 Nagbigay ng pagkain sa mga tao.	8 Nagsilbing panangga sa init mula sa araw.	9 Nagkakaroon ng mapaglaruan ang mga bata.



Isaisip

Bilang mag-aaral, ano ang iyong gagawin upang maipakita ang pagpapahalaga sa mga halaman? Isulat ang sagot sa loob ng kahon.



Isagawa

Gagawin ko ang mga ito!

Ano ang iyong gagawin sa sumusunod na sitwasyon. Isulat sa *speech balloon*.

1. Nakita mong namumulaklak na ang mga halaman ng nanay mo sa bakuran ngunit nakakapal na ang damo sa paligid nito. Ano ang nararapat mong gagawin?




2. Nakita mong tinatapakan at pinipitas ng iyong mga kalaro ang mga halaman sa hardin. Ano ang iyong gagawin?



3. Niyaya ka ng iyong kapitbahay na magtanim ng mga butong-gulay. Ano ang iyong gagawin?



Tayahin

A. Iguhit ang punongkahoy  kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa ating mga halaman at **ekis (x)** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Pagsulong sa proyektong “*Tree Hanti ng*” sa inyong barangay.
2. Pagtatanim ng mga halaman sa bakanteng lote.
3. Paglalagay ng abono sa mga pananim na gulay.
4. Pagbubunot ng mga damo sa paligid ng halaman.
5. Pagsasawalang-bahala sa mga pananim na unti-unting nalalanta.

B. Pili n ang titi k ng ta mang sagot.

1. Gusto mong mag-alaga ng halaman ngunit wala kang lupang mapagtatari man rito, ang nga sumusunod ay maaaring mong gawin **maliban** sa isa.
 - A. Mag-iipon ng pera upang ipambili ng paso.
 - B. Magtatari m sa lupa ng kapitbahay kahit hindi nagpapaalam
 - C. Tutulong sa pagtatari m sa kai bigang may bakanteng lote sa kanilang bakuran.
 - D. Gagamit ng mga supot o *plastic* na lalagyan na puwedeng gamiting paso.
2. Ano ang nakapaloob sa *Republic Act 10176 o Arbor Day Act of 2012*?
 - A. Pagkukop ng mga ligaw na hayop
 - B. Pama mahagi ng panari m ng gobyerno
 - C. Pagtatari m ng kahit isang puno kada taon
 - D. Pagbi bigay ng donasyon sa mga biktima ng kalamidad
3. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga halaman at panari m **maliban** sa isa.
 - A. Pagbubungkal ng tari m na halaman sa paligid
 - B. Pagbabad ng halaman sa ma nit na lugar
 - C. Pag-aayos ng mga nabuwal na halaman
 - D. Pag-alis sa peste na nasa halaman
4. Hinihi kayat ka ng kai bigan mo na lumahok sa “*Clean and Green Program*” dahil ito ang programang ipinapatupad sa inyong barangay. Ano ang gagawin mo?
 - A. Sasali kapag may kapalit na bayad
 - B. Magdahilan na mara ni ng ginagawa
 - C. Huwag pansinin at ipagwalang bahala ito
 - D. Lalahok para nakatulong sa barangay

5. Dahil sa pagpuputol ng mga tao ng mga halaman at puno sa kagubatan nakakalbo na ang ating kabundukan. Ito ang nagiging dahilan ng pagbaha at *landslide*. Ano ang maari mong gawin bilang isang mag-aaral upang makatulong sa mga programang irilunsad upang maiwasan ito?


- A. Magsasawalang kiyo na lamang pagkat narami na mang sasali.
- B. Tumanggi sa paglahok sa programa pagkat wala akong kayang gawin
- C. Uumpisahan ang pagtatanim sa sariling tahanan sa bakanteng lote na maari ng pagtatanim.
- D. Makiilahok sa mga nagpuputol para may maibentarin na mga pinutol na kahoy.




Karagdagang Gawain

Sa inyong kuwaderno, isulat sa loob ng parihaba na hawak ng *pot* ang iyong gagawin sa ngasumusunod na parirala.


1. sa natutuyong halaman



2. sa bakanteng lote



3. sa mga lumang paso






Matapos mong pag-aralan at sagutan ang modyul na ito, handa ka nang gawin alinman sa sumusunod na gawain:

- Pag-aayos ng mga nabuwal na halaman
- Paglalagay ng mga lupa sa paso
- Pagbubungkal ng tanim na halaman sa paligid at
- Pagtatanim

Binabati kita!



Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: right;">Subukin</p> <p>1. HP 2. P 3. P 4. HP 5. P 6. HP 7. HP 8. HP 9. P 10. P</p>	<p>Balikan</p> <p>1-3. pilandok, baboy-ram, buwaya, tamaraw, Philippine eagle, tarsier, pond-turtle, agila, spotted deer at iba pa.</p> <p>(A) B (C) D (E)</p>	<p style="text-align: right;">Tuklasin</p> <p>1. Inayos ang nabuwala halaman Naglalagay ng Ipa sa paso Nagtatanim ng gulay</p> <p>2. Opo</p> <p>3-4. Maaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral</p>
<p style="text-align: right;">Pagymamin</p> <p>Gawain 1</p>  <p style="text-align: right;">Gawain 2</p> 	<p>Isaisip Maaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.</p> <p>Isagawa Maaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral</p> <p>Karagdagang Gawain Maaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.</p>	<p style="text-align: right;">Tayahin</p> <p>A</p>  <p>1. 2. 3. 4. 5. X</p> <p>B</p> <p>1. D 2. C 3. B 4. D 5. C</p>

Sangguni an

PressReader.com (n.d). *PressReader.com* - Your favorite newspapers and magazines. <https://www.pressreader.com/phippines/balita/20160625/281724088851655>

Kahulugan a Kabutihang Dulot Ng Paghahalaman. (2014, February 24). Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V. <https://nagpayongelenseppv.wordpress.com/agriculture/kahulugan-a-kabutihang-ng-dulot-ng-paghahalaman/>

17. *pangangalaga Ng Halaman.pdf - Grade IV PANGANGALAGA Ng MGA HALAMAN ALAM N Mb Tulad Ng tao kailangan din Ng mga halaman ang kalinga at sapat Na | Course hero.* (2018, August 5). Course Hero | Make every study hour count. <https://www.coursehero.com/file/32378196/17Pangangalaga-ng-Halamanpdf/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Merced Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Tel/fax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: Dr.Irqad@deped.gov.ph * Dr.Irpd@deped.gov.ph